



ULAT

(ISSN-0116-9149)

GITNANG LUZON

Entered as second class mail matter at San Fernando, Pampanga Post Office, 30 May 1989, Permit No. 70



BINHI AWARDEE
Agricultural Newsletter
of the year 1989, 1990

Bagyong Glenda,
tumama sa Gitnang Luzon

Magtutumana sa
Sta. Rosa, naging
malaking tulong
sa magsasaka

Rice Processing Center,
Pormal nang isinalin
sa mga magsasaka



DA-RFU-III KEY OFFICIALS

*Andrew B. Villacorta DVM,
CESO IV
Regional Director*

*Engr. Crispulo G. Bautista Jr.
Regional Technical Director*

*Atty. Jennilyn Dawayan
Regional Technical Director*

*Benjamin M. Ballazar
OIC-Chief, Operations Division*

*Arleen Torres
OIC-Chief, Administrative
and Finance Division*

*Dr. Eduardo Lapuz Jr.
Chief, Regulatory Division*

*Edna David
PMED Chief*

*Dr. Irene M. Adion
OIC-Chief, Research Division*

EDITORIAL BOARD

*Felicito Espiritu Jr.
Editor-in-chief*

*Ozanne Ono Ocampo
Mark Erron San Mateo
Writers*

*Jannel Castillo
Darrell Sunga
Layout Artists*

*Rita San Luis
Bendimia Dizon
Circulation*

*Fernando Castro
Photographers*

*Pedro S. Samonte
Technical Consultant*

For more information visit us at:
www.rfu3.da.gov.ph
or e-mail us at:
da_rfu3@yahoo.com



Nilalaman

- | | |
|-----------|---|
| 3 | Paghahanda ang kailangan sa pagbabago ng panahon |
| 4 | Pitak ng Direktor |
| 5 | Kuntil butil sa kabukiran |
| 6 | Bagyong Glenda, tumama sa Gitnang Luzon |
| 7 | Bigas, sibuyas at iba pa, patuloy na iniluluwas ng magsasaka |
| 8 | Rice Processing Center, Pormal nang isinalin sa mga magsasaka |
| 9 | Ika-6 na taon ng Saba festival ginanap sa Dingalan, Aurora |
| 10 | El Niño, pinaghahandaan |
| 14 | Pagtitinggal ng Sibuyas, Masusing Pinag-aaralan |
| 17 | Magtutumana sa Sta. Rosa, naging malaking tulong sa magsasaka |
| 21 | Pag-aalaga ng Kalabasa |

EDITORIAL

Paghahanda ang kailangan sa pagbabago ng panahon

Sa isang kumperensiya sa isinagawa ng Carlos P. Romulo Foundation for Peace and Development (CPRFPD), naging pangunahing tema ang kuwento ni Noah habang ginagawa niya ang malaking arko na gugunaw sa daigdig.

“Umuulan ba nang ginagawa ni Noah ang malaking arko na utos ng Panginoon?”

Sa mga pangyayari ngayon na nagaganap at maaring maganap sa buong mundo, kailangan natin ang ibayong paghahanda, pag-angkop sa takbo ng panahon at pagsasagawa ng mga pagbabago upang makasunod sa pagbabago ng panahon.

Ang bagyong Glenda na naganap kamakailan sa Region III, Region IV at Region 5 ay babala lamang upang manatili tayong nakahanda. Pasakalye pa lang ito kung baga sa may 20 pang malalakas na bagyo na posibleng magdaan sa ating bansa taon-taon.

Tinataya ng National Disaster Risk Reduction and Management Council (NDRMC) na may mahigit na P5 bilyon ang napinsala sa mga palayan, maisan, sa High Value Cash Crops, paghahayupan at mga imprastruktura at pasilidad sa agrikultura sa Region 3, 4B, 5, 8 at Metro Manila. Mahigit 100 katao ang binawian ng buhay. Libong kabahayan ang winasak. May 85 porsiyento ang nawalan ng kuryente dahil sa pinsala.

Sa Region 3, matinding napinsala ang Bulacan, Bataan at Zambales na direktang dinaanan ng unos. Maihahambing ang Glenda sa bagyong Milenyo na naging dahilan din ng pinsala sa Kalakihang Maynila at sa ilang mga karatig na lalawigan.

Bukod pa sa mga bagyo, nagbabadya din ang tagtuyot sa dakong hulihan ng kasalukuyang taon, ayon sa mga eksperto sa pagtaya ng panahon. Ngayon pa lang ay naghahanda na ang pamunuan ng DA-RFO 3 upang mapaghandaan kung maganap man ang El Niño. Ilan dito ay ang pagsasa-ayos ng mga patubig at daang patubig na hindi napakikinabangan, paglalagay ng mga karagdang Shallow Tube Wells (STW), pag-angkop at pagbabago sa istrategiya at kalendaryo ng taniman, paggamit at pag-iipon mga paagang binhi ng palay na matibay sa tagtuyot, malawakang impormasyon sa pamamagitan ng media, atbp. Lahat nang ito ay bilang paghahanda kung mangyari man ang tagtuyot.

Tama ang CPRFPD. Kailangan nating paghandaan, umangkop at baguhin ang mga dati nating nakasanayan, anuman ang kalamidad na dumaaan sa bansa dahil sa pagbabago ng panahon.



Dr. Andrew B. Villacorta
DVM, CESO III
Regional Executive Director

Pitak ng Direktor

Paano pa mapaparami ang palay sa Gitnang Luzon

ng 100 ektarya o higit pa na magtanim ng hybrid rice upang mapalawak ang nagtanim ng hybrid rice sa tag-ulan.

Naglalaan ang DA ng may P1 milyong insentibo sa bawat cluster farm na nabuo. Ito ay pagkakaloob ng mga makinaryang pansakahan sa mga cluster farm. Bukod pa rito, libre din ang seguro sa PCIC, masusing pamamahala ng mga teknisyen at iba pang mga eksperto, at mga pagsasanay na pangungunahan ng PhilRice at ng Agricultural Training Institute (ATI). Bukod pa ito sa mga insentibo sa pamilihan sa pamamagitan ng NFA.

Isa pang paraan nga natatanaw natin ay ang ratooning. Nasubukan na sa ilang piling lugar sa Nueva Ecija noong nakaraang taon na napapakinabangan ang ratooning. Sa mahigit lamang na isang buwan, maaring muling pag-anihan ang pinaggapasan ng palay sa ratooning. Kailangan lang ay huwag magpakawala ng hayop sa mga pinaggapasan, kaunting abono at kaunting alaga, mapapakinabangan ang

pagsusuwi ng palay. Kapansin-pansin na pagkagapas ng palay, maraming namumulot sa bukid ng mga nagsuwing palay. Ito ang tinatawag na ratoon. Kung mabibigyan ng sapat na alaga at kung may tubig din lang ang mga palayan, mapapakinabangan ito ng husto.

Ilan pa sa mga paraan kung paano mahigitan pa ang pagpapalawak ng ani ay ang pagsasaayos ng mga patubig. May ilang mga patay na patubig ang nagdadaan ngayon sa rehabilitation upang mapakinabangan ito. Ito ay bukod pa sa pagtatayo ng marami pang Shallow Tube Wells (STW) upang pakinabangan ang tubig mula sa ilalim ng lupa.

Ang isa pang rekomendasyon ng DA ay ang paggamit ng mga drought resistant variety at paggamit ng mga mabibilis anihing kapalayan. Kung maari at 90 days lang magkanatanim ay aanihin na. Nirerekomenda ito sa mga palayang sahod-ulan. Sa Gitnang Luzon pa rin nanatili ang titulong Rice Granary of the Philippines.



Kuntal butil sa kabukiran

Bigas, Bawang, Luya at iba pa

Ni: Jun Espiritu

Naging mainit na usapan nitong mga nagdaang buwan ang biglang paglobo ng mga presyo ng ng bigas, bawang, luya at iba pang pangunahing bilihan sa merkado.

Tumaas ang bigas ng dalawang piso bawat kilo. Tumaas naman ang bawang ng mula P300 hanggang P400 piso kada kilo. Maging ang luya ay umabot sa P200 piso bawat kilo. Bukod pa ito sa pagtaas ng halaga ng manok, itlog, baboy, baka, gatas, asukal at iba pang pangunahing bilihan sa merkado. Umiiyak ang pangkaraniwang mamimili.

Sa bigas: Matatandaan na ang halaga ng palay nang nakaraang dayatan ay umaabot ng mula P20 hanggang P22 bawat kilo ng palay na tuyong baylita. Masaya ang mga magsasaka dahil ngayon lang nila naranasan na kumita ng mula sa P120,000 hanggang P150,000 sa isang ektarya.

Ang kambiyon naman ng mga traders: dahil mahal ang kanilang pagkakabili ng palay may karapatan silang itaas ang presyo ng bigas. Ang taktika ng mga traders sa ngayon ay iimbak ang palay at unti-unting ipakokono kapag sumipa na

ang halaga. Ito ang nangyayari ngayon.

Bukod pa ito sa paglilimita ng mga nasa negosyo ng transportasyon na hanggang 350 sako ng bigas lang ang mga trak na nagdadala ng bigas sa Kalakhang Maynila.

Ang sagot ng pamahalaan: Salakayin at inspeksiyunin ang mga imbakan ng bigas at kasuhan. May ilang libong tonelada na ang nakumpiska at ilang traders na at kakasuhan. May kaso ba kung palay ang nakaimbak sa mga kamalig? Karagdagang tonelada ang aangat pang bigas mula sa Vietnam at Thailand upang mapababa ang presyo ng bigas.

Sa bawang: Matatandaan natin na kung ilang taon na ang nagdaan, ang mga inaangkat na bawang ay may kamurahan kung ihahambing sa halaga ng lokal bawang. Taktika ito ng mga negosyante at mga hoarders. Nang inaakala nila na unti-unting napapatay ang produksiyon ng bawang -- umabot na nga ng halos 15 porsiyento na lang. Sa Gitnang Luzon nga ay halos 50 ektarya lang ang tinaniman ng bawang nang nakaraang taon. Nang halos mapatay na ang

industriya na bawang, bigla nilang itinaas ang halaga na umaabot na nga sa 900 porsiyentong pagtaas. Sa loob ng isang taon, tinatantiya ni Senadora Grace Poe at Cynthia Villar, kikita sila ng may P26 na bilyon. Tuso at sakim ang mga hoarders at traders. Gumagamit pa sila ng ilang mga tiwaling kooperatiba na nagbebenta ng mga import permits. Kailangan ng pamahalaan na buhayin muli ang industriya ng bawang. Kung hindi sakal tayo ng mga traders at importers.

Sa luya: Tumaas ang presyo dahil talagang kulang ang suplay. Mayroon pang mga bagong teknolohiya sa processing na tumataas ang demand sa luya. Ang sagot: Magtanim tayo ng luya sa mga likod bahay upang di na tayo bumili.

Sa mga iba pang panunahing bilihan, dala ito ng panahon ng tag-init kung saan maraming hayop ang namamatay. Inaasahan na babalik din ito sa normal sa mga susunod na buwan.

Bagyong Glenda, tumama sa Gitnang Luzon

Dalawang lalawigan sa Gitnang Luzon ang direktang tinamaan at dalawa ang nadaplisan sa pananalasa ng unang pinakamalakas na bagyong dumaan sa bansa na nagdala ng hanging umaabot sa 150 kilometro bawat oras.

Ang dalawang lalawigan dininaan ng bagyong Glenda ay ang Bataan at Zambales, habang nadaplisan naman ang Bulacan at Pampanga.

Sa unang mga ulat na isinumite sa RFO III sa mga

tinamaang lalawigan, may 1,602 ektarya ang naapektuhan sa mga palayan. May 59 ektarya ang ganap na nasira at kailangang taniman ulit at may 1,543 ektarya naman ang may pag-asang makabawi. Pinakamatinding tinamaan ang lalawigan ng Pampanga at Bataan. Ang tinamaan sa Pampanga ay 762.7 ektarya samantalang sa Bataan naman ay inabot ng 579 ektarya ang apektado. Sa Bulacan ay apektado ang 52 ektarya at sa Zambales ay 64 ektarya. Malaki ang naging pinsala ng Pampanga dahil maaga silang nagtanim ng palay at inabutan ito habang namumunga na ang mga tanim. Maliit naman ang pinsala sa mga lalawigan ng Bulacan at Zambales



na marami pa rin sa mga palayang katanim o nasa punlaan pa lang. Ganun pa man, tinatayang nasa P28,399,738.50 ang naging

kabuohang pinsala sa palayan sa Gitnang Luzon.

Sa mga butil naman gaya ng mais, may 44 na ektarya ang naapektuhan ng bagyo na hindi na makababawi at 14 na ektarya naman ang may pag-asa pang makabawi. May kabuohang 455 ektarya ang inuulat na nasira ng bagyo sa Bataan, Nueva Ecija, Pampanga at Tarlac. Tinatayang nagkakahalaga ng may P11,183,364 ang kabuoang nasira sa mga butil.

Sa mga naghahayupan naman, may 8 ulo ng baka, 3 kalabaw, 144 na kambing, 70 baboy, 550 manok, 1,045 na itik at 5 ulo ng kabayo ang iniulat na namatay sa bagyo sa Bataan, Bulacan at Pampanga. Nagkakahalaga ito ng

may P1,055,250.

Sa Bataan, iniulat na may P9,151,498 ang nasalanta sa mga gulay na halos lahat ay malapit nang anihin. Ito ay mula sa may 241 ektaryang nataniman ng gulay. May tinatayang P797,204 naman ang nasalanta sa mga kahoy na dinapa gaya ng mga mangga na nagsisimula nang mamunga mula sa may 41 ektarya. Nagkakahalaga naman ng may P1,727,000 ang nasira mula sa mga pananim na ampalaya at sitaw na halos aanihin na lamang sa may 68 ektaryang pananim.

May P5,204,215 na halaga ang mga saging na naibulay ng hangin at hindi na pakikinabangan sa may 48 ektaryang nataniman ng saging. Pati ang mga tanim na kamoteng kahoy ay naapektuhan din sa may 73 ektarya na nalugi ng may P1,095,000.

Sa Bulacan naman, tinatayang may P4,104,200 ang napinsala sa mga pananim na gulay gaya ng okra, talong, kamatis, sili, kalabasa, patola at pipino.

Sa Pampanga, may P4,414,764 din ang naiulat na napinsala sa mga nakatanim na gulayan dahil sa Glenda. Sa Zambales ay may P530,364 ang halaga ng napinsala sa mga pananim na gulay at mga punong kahoy.



Bigas, sibuyas at iba pa, patuloy na iniluluwas ng mga magsasaka

Pinangunahan ng ilang matataas na opisyal ng Department of Agriculture at mga piling kinatawan ng mga kooperatiba ang pagluluwas ng bigas, sibuyas, bawang, luya at iba pa sa mga bansang nagpedido ng mga kalakal na ito sa isang pamamalam na seremonya na ginanap sa Port Area sa Maynila kamakailan.

Ang huling pagluluwas ng bigas na ito ay kinapapalooban ng 72 metriko tonelada na special aromatic rice, na hinahanap sa ibang bansa. Ang aromatic rice ay nagmula sa mga magsasaka ng Magtutumana ng Sta. Rosa Multipurpose Cooperative na nakabase sa Sta. Rosa, Nueva Ecija, at limang tonelada naman ay mula sa Firmus Cooperative ng Koronadal City, South Cotabato.

Ang 25 toneladang Black Rice naman ay nagmula sa Pacuaría Development Cooperative (PDIC), ng Lanipga, Bula, Camarines Sur, Mindoro Allium Growers MPC ng Poblacion, Magsaysay, Oriental Mindoro at ng Black Rice Farmers-MPC mula sa lalawigan ng Quezon.

Ang pagluluwas ng bigas sa ibang bansa na sinimulan noong nakaraang taon at harinawang

magtuloy-tuloy na, ayon sa ilang lider-magsasaka na dumalo sa kaganapan. Bagama't limitado pa ang pedido mula sa ibang bansa, nais nilang iparating na may kakahayan na silang magluwas ng bigas sa ibang bansa.

Maaalala na noong May 2013, nagluwas ang bansa sa kaunahang pagkakataon, pagkalipas ng may apat na dekada, ng aromatic at Black Rice sa Singapore. Sinundan ito noong July, 2013 na iniluwat naman sa Dubai.

Ang aromatic at Black Rice ay pedido ng Heze Tianlong Fruits and Vegetables Co. Ltd. Sa Dadiantji Town, Chengwu Country, Heze City, Hangdong, China na binayaran sa halagang \$1850 bawat metriko tonelada. Kilala ang Black Rice sa buong mundo dahil mataas ang kakayahan nito makapagpagaling ng iba't ibang sakit at nakapagpagaling sa sex, ayon sa mga ilang eksperto. Tinatawag din itong "The Emperor's Rice" dahil mga dugong bughaw lamang ang nakabibili nito sa Tsina.

Kasama rin sa seremonyang ginawa ang pagluwas ng shallot o sibuyas Tagalog. Magmula ng Disyembre 2013 hanggang Hunyo 2014, umabot na sa may

1,300 tonelada na ang nailuwat sa shallot sa mga bansang Indonesia, Malaysia at Singapore. Ang bili sa shallot na nag-aangkat sa ibang bansa ay may \$850 bawat tonelada. Sa puting sibuyas naman, nagbenta ang VIEVA (Phil) sa pamamagitan ng KASAMNE, NOGROCOMA, ANAK BUKID at ang Magtutumana ng Sta. Rosa MPC.

Ang pagluluwas ng bigas, sibuyas at iba pang produktong pang-agrikultura ay hinihimok ng Department of Agriculture upang mapasigla ang palitan kalakal sa ibang bansa. Ang mga kalakal na iniluluwas ng bansa ay dumadaan muna sa maingat na pagsusuri bago bigyan ng Certificate of Compliance with Good Agricultural Practices (GAP) upang makapagluwas ng kalakal. Sinabi naman ni Leah Cruz, chairman ng VIEVA Phil. na napakarami pang produkto sa bansa na may pagkakataon na buksan ang pagluluwas sa ibang bansa, gaya ng sili, paminta, achuete atbp.

Kabilang sa mga dumalong opisyal ng DA ay sina Leandro Gazmin, Director ng Agribusiness and Marketing Service (AMAS), at si Dr. Clarito M. Baron, director ng Bureau of Plant Industry.



Rice Processing Center, Pormal nang isinalin sa mga magsasaka

Pormal nang isinalin ng Department of Agriculture, RFO III ang may P7 milyong halaga ng Rice Processing Center sa mga magsasakang kasapi ng Tinib Farmers Association sa Brgy. Tinib, Casiguran, lalawigan ng Aurora sa isang kagapanan kamakailan.

Ipinagkaloob ang isang kamalig na may luwang na 300 metro kuwadrado, isang Multi-pass Rice mill na may isang toneladang kapasidad maghapon, isang portable moisture meter, weighing scale at isang multi-purpose drying pavement na nagkakahalaga ng may P5.5 milyon. Kabilang din ang P1 milyong na puhunan sa pagpapatakbo ng

kamalig at kiskisan. Isinama pa ang may P5.5 milyon para sa administrative cost at capability building sa mga magsasakang kasapi.

Ayon kay Rolando L. Eresma, chairman ng Tinib Farmer's Association, malaking tulong ang Rice Processing Center na itinayo sa kanilang lugar, di lang sa mga kasapi ng asosasyon kundi sa mga magsasaka sa mga

kanugnog na bayan. Malayo ito sa Korean Rice Processing Center na itinayo sa Baler.

Ang pagtatayo ng mga Rice Processing Center ay isang paraan ng Department of Agriculture upang bigyan ng ayuda ang mga magsasaka ng palay na mangangailangan nito. Ilan sa mga itinayo nang RPC na nagkakahalaga ng may P7 milyon ay ang RPC sa Amucao Tarlac at isa pa sa San Manuel, Tarlac na napapakinabangan na ngayon. Maari na nilang ipagiling ang ani nilang palay at makapagbenta na ng bigas sa merkado. Ito ang pangunahing layunin kung bakit nagtatayo ng mga RPC ang DA, ayon kay Director Andrew B. Villacorta.



Ika-6 na taon ng Saba festival, ginanap sa Dingalan, Aurora

Ginanap kamakailan ang ika-anim na taong pagdiriwang ng Saba Festival sa bayan ng Dingalan, lalawigan ng Aurora. Isinabay ang pagdiriwang na ito sa ika-52 taong pagkakatatag ng bayan ng Dingalan bilang isang munisipalidad. Ang lalawigan ng Aurora ay dating sakop ng Region IV, ngunit ngayon ay ang ika-pitong lalawigan na ng Region III.

Ang isang linggong pagdiriwang ay bilang pasalamat sa mga magsasakang nagtatanim ng saging na saba na isa sa pangunahing pinagkakakitaan ng bayan ng Dingalan. Bukod ito sa mga murang niyog na pangunahing namang pinagkakakitaan ng maraming magsasaka sa lugar.

Kinapalooban ang pagdiriwang ng pagpapakita ng mga magsasaka sa kanilang ani ng mga saging na saba, proseso ng paggawa ng banana chips at ilang araw na street dancing na nagpasaya sa mga magsasaka.

Mahalaga ang saging na saba, ayon kay Municipal Agricultural Officer (MAO), Zenia Q. Abaya. Ito ang

ikalawang pinagkakakitaan ng mga magsasaka sa Dingalan. May kaibahan ang saging na saba sa Dingalan, dagdag niya. Ang laman nito ay maligat at buo na napakagandang pagkuhanan ng banana chips. Pinag-aagawan ito ng mga traders mula sa kapatagan. Nagsisimula pa nga lang ito mamunga ay binabayaran na ito ng ilang mga traders upang makopo ang kanilang aanihing saging.

Mayroon inirekomenda sa kanila na saging na saba (Cardaba) ngunit tinanggihan nila ito. Bagama't mas mataas umani ang saging na ito, malabsa ang laman nito at may butas pa ang iba na tinatanggihan ng mga gumagawa ng banana chips. At dahil napakataas ng barayti na ito ng saging na saba, napapatay nito ang mas maliliit na saging na saba paliwanag ng MAO.

Karaniwan nang itinatanim ang saging na saba sa Dingalan kasabay ng pagtatanim ng niyog. Habang hinihintay ang mga niyog na mamunga sa loob ng pitong taon, nagtatanim naman ang mga magsasaka ng saging na saba sa pagitan ng mga niyog.

Ayon sa ilang nakapanay-am na magsasaka mula sa Dingalan, napapanatili nila ang produksiyon ng saging na saba sa loob ng pitong taon. May sarili silang teknolohiya upang mamantini ang produksyon ng saging kahit hindi gamitan ng tissue culture. Ito ay sa pamamagitan lamang ng pagpili ng dalawa o tatlong pinakamagandang suwi mula sa orihinal na tanim. Ito ay tuloy-tuloy na pinagsusuwi at kanilang inililipat tanim.

At ipinagmamalaki na nila ay sa loob ng pitong taon, ay hindi sila gumagamit ng abono sa kanilang sagingan. Pinapanatili lamang nilang malinis ang sagingan. Itinatagip sa mga puno ng saging ang lahat ng damo at tuyong dahon na kanilang inaalas mula sa paligid ng sagingan.

Naging panauhing pandangal sina Rep. Bellaflor J. Angara Castillo, si Aurora Governor, Gerardo Noveras, Region III Regional Director. Andrew Villacorta at ilan pang piling kinatawan mula sa CLSU na nangunguna sa pagsuporta na magsasaging sa Dingalan at mga bisita.

EL Niño, Pinaghahandaan

Ang pagbabago ng klima sa buong mundo ay isa sa kinatatakutang nagaganap o maaring maganap sa hinaharap. Sa ngayon ay unti-unti nang naramdaman ang epekto nito sa kapaligiran. May hula ang mga siyentipiko na magkakaroon ng El Nino sa Gitnang Luzon sa huling bahagi ng taon na aabot pa sa mga sumusunod buwan.

Ang El Niño ay isang abnormalidad ng panahon na nagsisimula sa pag-init ng karagatan sa gawing kanluran ng Equatorial Pacific Basin. Lumilipat ang pag-init ng dagat sa gawing silangan ng Equatorial Basin na matatagpuan sa mga dalampasigan ng Peru at Ecuador.

Maisalarawan ang El Nino bilang pagbabago ng klima na humahaba ang panahon ng tag-araw, maramot na ulan at tagtuyot (draught) sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

Sa nakalipas na 30 taon, pitong El Niño na ang naitalang nagdaan sa ating bansa. Pinakamalakas ang El Niño noong 2007. Ngunit nasapawan ito ng El Niño noong 2010.

Malaki ang epekto ng El Niño sa pampabansang seguridad

sa pagkain.

Mga indikasyon ng El Niño:

Malalaman at nararamdaman natin na nay El Niño na kung:

1. Huli ang pagdating ng tag-ulan
2. Maagang paghinto ng tag-ulan
3. Mahinang ihip ng habagat. Madalang, mahina at mabilis na ulan.
4. Mahinang aktibidad ng mga bagyo. Malalayo ang mga bagyo. Madalang at mahihina ang mga bagyo.

Madaliang Tugon sa epekto ng El Niño:

Ang mga sumusunod ay inirerekomenda upang tugunan ang epekto ng El Niño

1. Magsagawa ng mga cloud seeding operations sa mga kagubatan sa paligid ng mga dam. Ang Bureau of Soils and Water Management (BSWM) ang pangunahing ahensiya na nagsasagawa ng operasyong ito. Ito ang aarkila ng mga eroplano na nagsasabog ng asin sa kaulapan sa palibot ng mga dam na pinagkukunan ng irigasyon sa pakikipagkoordinasyon sa mga Regional Field Offices.

2. Inaatasan naman ang National Irrigation Administration (NIA) na magsagawa ng pagdaloy ng irigasyon sa lahat ng nasasakupan ng serbisyo ng ahensiya at magsagawa ng mga drainage canal na pagtatapunan ng patubig na maaring magamit uli (reuse) sa iba pang lugar na nangangailangan ng tubig.

3. Patuloy na pagpapakalat ng mabilisang impormasyon sa mga Irrigators Associations, Local Government Units at mga tauhan ng NIA sa mga datos ng El Niño, lebel ng tubig sa mga dam sa Gitnang Luzon gaya sa Angat at Pantabangan at iba pang pangunahing dam sa bansa.

4. Mahigpit na pagsunod sa tamang pamamahala ng patubig.

5. 24 na oras na inspeksiyon at pagmamamiti ng daluyang kanal.

6. Pangunahan ng mga RFO Units ang pagpapakalat ng mga Shallow Tube Wells (STW)

7. Pagsasagawa ng teknolohiya sa muling paggamit ng tubig sa bukid.

8. Flushing irrigation kung saan pinapadaan lamang ang tubig at hindi pinaapaw sa mga pilapil.

9. Agarang pagsasaayos ng mga steel gates/check gates/

flush boards upang mapigil ang pagsasayang ng patubig.

10. Ang DA- RFO Units ay magkakaroon ng koordinasyon ng NIA, PhilRice at Agricultural Training Institute (ATI) upang maikalat ang mga impormasyon sa episyenteng paggamit ng patubig bilang suporta sa nakatayong tanim na palay.

11. Pakilusin ng DA-RFO Units ang mga Regional Crop Protection Centers (RCPC) upang masubaybayan at masugpo ang mga karaniwang sakit at peste ng palay kapag may tagtuyot.

12. Ang pagmamapa ng mga maliliit na magsasaka at mangingisda at mga kasambahay na apektado ng tagtuyot ay

isasagawa sa pakikipag-isa ng Accelerated Hunger Mitigation Program (AHMP) upang mabigyan ng ayudang pagkain.

Mga Mungkahi sa magsasaka upang mabawasan ang epekto ng El Niño:

1. Iwasan ang pagtatanim ng palay sa mga lugar na hindi tiyak ang kasapatan sa tubig.
2. Ang madalian at sunurang pagtatanim (relay cropping) ng mga halamang gulay matapos anihin ang palay.
3. Gumamit ng mga binhing palay na paaga (95-105 days) sa dayatan o dry season.
4. Ang pagtatanim ng mga halamang gulay o High Value

Crops gaya ng melon, pakwan atbp.

5. Pagsubok sa teknolohiya ng Zero Tillage gaya ng ginagawa ngayon sa ilang lugar ng maisan.

6. Pagtatanim ng palay sa paraang Sabog Tanim o ang makabagong Rotary Seeder. Mas maaga itong inaani kaysa lipat tanim.

7. Wastong paggamit ng irigasyon. Hindi kailangan ang sobrang lalim ng tubig. Paraan lang ng tubig ay sapat na.

8. Magtanim ng mga halamang subok ang tibay sa tuyot gaya ng mga halamang ugat gaya cassava, kamote, sweet sorghum, o patatas.

Mga bagong halal ng RAFC nanumpa

Nanumpa kamakailan ang mga bagong halal na Regional Agriculture and Fisheries Council sa Gitnang Luzon.

Pinangunahan ito ni Francisco A. Hernandez ng Nueva Ecija na nahalal bilang Chairman sa konseho. Pinalitan ni Hernandez si dating chairman, Jesus M. Simon na nanungkulan

ng dalawang taon bilang chairman sa RAFC.

Ang iba pang nanumpa sa tungkulin sa konseho ng RAFC ay sina: Vice-chairmen, Dr. Andrew B. Villacorta, ng DA-RFO III,

CESO III (Government Sector) at si Leopoldo P. Fajardo (Private Sector).

Nanumpa naman bilang Ingat Yaman si Juan D. Libang; Bayani s. Dela Cruz, tagasuri; Delfin B. Alansalon, PRO; Amelia Perey, bilang Kalihim; at si William M. Valdez bilang coordinator/Executive Officer.

Kasama sa pinagsabay na panunumpa ang pamunuan ng iba't ibang Sectoral Committes. Ito ay sina: Oscar A. Lagajeno ng Nueva Ecija para sa Food Crops; Rosalina G. Datu mula sa Bataan, bilang chairman sa Livestock ang Feed Grains Sector; Edgardo C.

Caspe ng Bataan, bilang chairman sa Fisheries Sector; Bienvenido F. Gumapos ng Bulacan, bilang chairman sa Commercial Crops Sector; Jaime M Cristobal ng Nueva Ecija bilang chairman sa Agricultural Mechanization Sector; Jesus M Simon ng Pampanga bilang chairman sa Climate Change; at Alberto B. Angeles ng Angeles City bilang chairman ng International Trade Negotiations.

Maglilingod ang mga bagong halal sa tungkulin ng dalawang taon mula CY 2014 hanggang 2016 bilang konseho ng RAFC sa Gitnang Luzon.





Ang pagpapakalat ng impormasyon upang maisalin ang mga teknoliya sa nakararaming maliit na magsasaka at mangingisda ay isang malaking hamon sa Department of Agriculture RFO III. Sa mga nagdaang buwan, sama-sama ang telebisyon, radyo at pahayagan, pribado man o galing sa pamahalaan, upang agad na maikalat ang mga impormasyon lalo sa mga dumarating na sakuna, gaya ng bagyo at tagtuyot at mga makabagong teknolohiya mapapakinabangan ng higit na nakararami.



Pagtitinggal ng Sibuyas, Masusing Pinag-aaralan



Matagal nang hamon sa ilang siyentista kung paano natitinggal ng mga magsisibuyas na nagtatanim ng shallot (Tanduyong o Sibuyas Tagalog) nang hindi na inilalagak sa mga cold storage gaya ng nakagawian ng maraming magsisibuyas sa Gitnang Luzon.

Naiintriga ang mga siyentista sa kinagisnang pamamaraan ng pagtitinggal ng sibuyas ng mga magsasakang nagtatanim ng shallot. Itinitirintas lang nila ito kasama ang mga dahon, isasabit sa isang tuyong lugar at matitinggal na ito ng ilang buwan. Maaring makaluma ang pamamaraang ito, ngunit epektibo ito at malaki ang natitipid ng magsisibuyas sa paraang ito.

Nang nakaraang anihan ng sibuyas sa Talavera, Nueva Ecija, sinimulan ng DA-RFO III sa pamamagitan ng High Value Crops Development (HVCD) program, PhilMech at ng Bureau of Agricultural Research (BAR) ang pananaliksik sa paggamit ing alternatibong pamamaraan sa pagtitinggal ng sibuyas na Red Creole. Ang Red Creole o sibuyas na pula na pinakamalapit sa uri ng shallot ang ginamit nila upang pag-aralan ang ilang alternatibong paraan sa pagtitinggal ng sibuyas.

Kinasangkapan nila si Reynaldo Hilario ng Capaniplahan, Talavera, isang progresibong magsasaka at magsisibuyas na may

pangkaraniwang ani ng sibuyas na umaabot na 25 tonelada sa isang ektaryang sibuyasan, national awardee ng taunang Gawad Saka sa categoryang HVCD farmer ng nakaraang taon, at kinikilala bilang magsasakang siyentista ng PCARRD-CLARDEC.

Pinasimulan ng mga siyentista ang pag-aaral sa pinakamatipid na paraan sa pagtitinggal ng sibuyas na pula nang unang linggo ng Abril -- na kasagsagan ng anihan ng sibuyas sa Nueva Ecija. Isinalalang-alang ang umiiral na halaga ng sibuyas na tumatakbo lamang sa P10 isang kilo sa sariwa.

Isang naging bentahe ni Hilario upang mapili ang lugar na kanilang pag-aaralan ay dahil may nakatayong hanger-type

na patuyuan ng sibuyas ang kooperatibang pinangunganahan niya sa kanilang barangay na ipinagkaloob ng DA sa halagang P1.2 milyon dalawang taon na ang nakaraan. Mahalaga ang patuyuang ito sa isinagawang pag-aaral.

Pagkaraang bunutin ang mga sibuyas nang panahon ng anihan pinili nila ang pinakamaluso at walang sakit na halaman. Isang parte ng pinagbunutan na sibuyas ay pinungos ang mga dahon. At isang parte naman ay hindi pinutol ang mga dahon. Dito nagsimula ang pag-aaral ng mga siyentista. Isa pang dagdag gastusin sa pagbubunot ng sibuyas ay ang pagputol ng mga dahon na sa P150 isang araw ang dagdag gastos.

Hinayaan ni Hilario na mabilad ang mga sibuyas sa bukid ng dalawang linggo. Binibiling niya ang mga sibuyas tuwing dalawang araw upang maganda ang pagkakatuyo. Nang matuyo na ang sibuyas sa bukid, tumimbang sila ng magkasing dami ng sibuyas upang pagbasehan ng pag-aaral na isinasagawa.

Ang isang lote ay may mga dahon, at ang isang lote naman ay pinutol ang mga dahon. Ang mga sibuyas na pinag-aaralan ay



Pinagkalooban ng DA-RFO III ang kooperatibang pinangunganahan ni Hilario ng isang patuyuan ng sibuyas na ginamit sa pag-aaral sa pagtitinggal ng sibuyas.

isinalansan sa pulang bag ng sibuyas ng tatlong patong at ang isa naman ay naka-plastic crate na tatlong patong din at inilagay sa hanger-type na patuyuan. Ang ikatlong parte ay inilagak naman sa loob ng isang greenhouse na bigay din ng DA. Araw-araw tinitimbang ni Hilario ang tatlong lote na pinatutuyong sibuyas. May ika-apat na parte naman ng pag-aaral na inilagak naman sa refrigerated van ng PhilMech.

Sa malinaw na pagpapaliwanag, anim na batches ng pinatututuyong sibuyas ang ginagawa ni Hilario. Ang apat na batches ay nakalagay sa hanger-type na patuyuan. Dalawa sa apat na batches ay pinutol ang mga dahon nakalagay na sa sisidlang pulang bag na isinalansan ng tatlong patong. Dalawa naman sa mga batches ay inilagak din sa hanger-type dryer na



nakalagay sa mga plastic crates na nakasalansan din ng tatlong patong. Ang ikatlong batch naman ay inilagak ni Hilario sa loob ng greenhouse.

Araw-araw ay pinagtitiyagaan ni Hilario na timbangin ang tatlong batches ng pinatutuyong sibuyas na nasa kaniyang pangangalaga. Kapag maulan paligid, tinatabingan niya ng plastic ang hanger-type na patuyuan upang hindi maanggihan. Sa ikatlong batch naman na nasa loob ng

greenhouse, walang problema si Hilario dahil kontrolado niya ang temperatura sa loob at hindi nababasa.

Sa loob ng apat na buwan, ang timbang ng mga sibuyas na nasa kanyang pag-aalaga ay pangkaraniwang nababawasan ng isang kilo bawat buwan. Kung kaya't sa 25 kilo pasimulang timbang umabot na ito sa mga 21 kilo na pagkaraniwang timbang. Naobserbahan ni Hilario na sa anim na batches ng sibuyas, pinakamadaling patuyuan ang inilagay sa loob ng greenhouse. Bagama't halos pare-pareho

ang inaasahang pagbabawas ng timbang habang pinatutuyo, hindi gaano ang pag-aasikaso kapag inilagak sa loob ng greenhouse. Ito ay dahil kontrolado niya ang init sa loob at hindi ito nababasa kung umuulan.

Sa loob ng anim na buwan na nakalagak ang sibuyas, naiisip ni Hilario na ang mga paraan ng pagpapatuyo gamit ang hanger-type na patuyuan ay malaking katipiran. Kung ilalagay ng magsisibuyas ang ani nilang sibuyas sa mga cold storage, ang

bayad nila ay P250 bawat isang 25-kilo na bag.

Ang presyo ng sibuyas ay karaniwang umaabot sa P60 bawat kilo pagkaraan ng anim na buwan. Unti-unting pinag-aaralan ni Hilario ang mga takbo ng patuyuan at inihahambing ang mga halaga sa anim na lote ng sibuyas na kanyang pinag-aaralan.

May ilang obserbasyon si Hilario habang isinasagawa ang pag-aaral na pinangungunahan ng PhilMech. Una ay walang malaking diperensiya kung ang sibuyas na pinatuyo sa mga hanger-type na patuyuan kung may dahon at wala. Wala ding diperensiya kung ito ay inilagak sa plastic crates o nasa pulang bags. Pare-pareho ang asikaso. Ngunit iba ang inilagak sa loob ng greenhouse. Madali ang paglalagak dito dahil halos kontrolado ang init na nasa loob nito. Kapag sobra

ang init sa loob, naglalagay lang siya ng tabing sa dakong itaas ng greenhouse at hindi ito naangihan o nababasa ng ulan. Malaki ang magiging katipiran sa pagpapatuyo ng sibuyas sa ilang paraang pinag-aaralan.

Sa mga maagang obserbasyon ni Hilario, malaki ang maitutulong nito sa pagdedesisyon ng mga magsasaka kung ilalagak nila sa cold storage ang ani nilang sibuyas o sa mga hanger-type na patuyuan ng sibuyas.



Magtutumana sa Sta. Rosa, naging malaking tulong sa magsasaka

Sa isang pagkakataon, nagbiyahe si Antonio Quintos, isang magtutumana sa Sta. Rosa, Nueva Ecija ng isang trak ng kalamansi mula sa kanyang sariling ani sa Bicol. Halos doble ang halaga ng kalamansi kung ihahambing sa presyo sa Nueva Ecija, kaya maganda ang kanyang kinita.

Nang pauwi na siya, nakatuwaan niyang mamili ng sariwang talong mula sa Bicol at naisip niya na maari pa siyang kumita sa pabalik na biyahe. Ngunit nang buksan niya ang mga pinamiling talong pagkaraan ng may sampung oras na biyahe, nanlumo siya dahil iba na ang kulay ng mga talong at mukhang di na mabibili.

Naisip niya ang isang kababayan na kilala at may impluwensiya sa maraming mamimili sa Divisoria. Nilapitan niya ito at humingi ng tulong na maibenta ang biniyaheng talong. Sa loob ng 14 na oras, naibenta ng kababayan ang lahat ng panindang talong.

Ang kanyang nilapitan ay walang iba kundi si Leah M. Cruz, ang kinikilalang “ninang” ng mga maliliit na tindera sa Divisoria at isang kilalang malawak na nagtatanim ng gulay sa Sta. Rosa, Nueva Ecija.

Bata pa lang si Leah ay nakasanayan



na niya ang pagbibiyaheng sariwang gulay mula sa kanilang tumana at sa mga kalapit na magsasaka na karaniwang ibinibilin ang mga aning gulay sa kanila. Isinasama siya ng kanyang mga magulang sa pagbibiyaheng sa Divisoria. Kahit na nang siya ay nag-aaral ng komersiyo sa Lyceum sa Maynila, naging kasa-kasama siya ng kanyang magulang sa pag-aasikaso sa may limang puwesto sa palengke ng Divisoria na nagtitinda at namimili ng sariwang gulay at tinatawag nating mga spices gaya ng bawang, sibuyas, paminta, luya atbp. Ang paligid na ito ng Divisoria ang mundong ginagalawan ni Leah.

Naging kakilala niya ng iba't ibang tao, mula sa mga lehitimong biyahero, manloloako man o hindi, mga mamamakyaw, pinakamaliit na tindera sa bangketa at maging ng mga magkakariton sa Divisoria. Anupa't kinakitaan si Leah ng magandang pakikisama na may integridad at liderato na may puso ng mga maliliit na tindera sa bangketa. Hanggang sa noong 1998, napagkaisahan nilang bumuo ng isang samahan

ng mga maliliit na tindera sa bangketa, traders, importers at exporters ng gulay at spices sa pangunguna ni Leah. Nang taong 2012, inirihistro ang kanilang samahan sa Securities and Exchange Commission na tinawag na Vegetable Importers, Exporters and Vendors Association (VIEVA Phil).

Ang unang naging layunin VIEVA Phil. ay bigyan ng kumpetensiya at magkaroon ng balanse sa pamilihan laban sa ilang mga malalaki at may puhunang mga traders na kayang impluwensahan ang halaga ng mga paninda sa merkado. Sila ang mga mamumuhunan na kayang hayaan na mabulok ang mga paninda upang maitaas ang presyo kinabukasan.

Sa ngayon, ang VIEVA (Phil) Inc. ay binubuo na ng may 28 lehitimong vegetable importers at exporters, 200 maliliit na tindera sa mga bangketa, at may 100 grupo ng mga kooperatiba at kaisahan ng mga magsasaka na umaabot ang impluwensa sa may 16 na rehiyon sa Pilipinas mula sa Batanes hanggang Tawi-Tawi.

Sa pamumuno ni Leah, nakapagtayo ang VIEVA Phil. ng isang coordinating center sa Sta. Rosa. Ang sentrong ito ng pamilihan ang nagsisilbing tulay ng mga kasaping grupo upang malaman nila ang takbo ng pamilihan, pag-aralan ang mga pangangailangan sa pamilihan sa bawat lugar, kasama na ang mga kakulangan

at kalabisan ng mga produkto sa pamilihan kung saan ang grupo ay may impluwensa sa pamilihan.

Isa sa pangunahing layunin na VIEVA Phil. ay alamin ang mga lugar na may labis na produksiyon at hinahanapan ng mga lugar kung saan kulang ang produksiyon. Ang koordinasyon ng mga kasaping kooperatiba ay epektibong paraan upang maiwasan ang impluwensa ng mga traders, sabi ni Leah.

Naniniwala si Leah na walang tunay na kakulangan sa mga sariwang gulay at spices sa Pilipinas. Nalilimitahan lamang ito ng tamang distribusyon na karaniwang pinagsasamantalahan ng mga biyahero. Upang mahango ang maraming magsasaka sa pangil ng mga biyahero, inimumungkahi ni Leah na paganahin ang palitan ng mga paninda nang hindi na gumagamit ng pera.

Isang halimbawa kung saan napagtagumpayan ng VIEVA Phil. ang barter system ay ang kaso ng United Fishermen Multipurpose Cooperative ng Basilan kung saan marami silang produktong daing na tuyo na halos hindi nila maibenta. Nakipag-usap si Leah sa Katipunan ng mga Samahang Magsisibuyas ng Nueva Ecija (KASAMNE) na makipagpalitan ng kanilang produktong sibuyas sa produkto

ng taga Basilan na tuyo. Biglang nagkaroon ng merkado ang Basilan at ganoon din ang Nueva



Ecija. Kapwa sila nakinabang sa paraang ito na isunulong ni Leah.

Isa pa sa karaniwang kamalian ng marami sa kanayunan ay ang tendensiya ng maraming magsasaka na magtanim ng pareparehong produkto. Halimbawa ay tumama ang ilan sa magsasaka sa tanim na kamatis. Asahan na sa susunod na panahon ng taniman, napakaraming magsasaka ang pagsusumundan ng kaparehong produkto. Sa dami ng ani, bumababa ang demand.

Sa regular na pagpupulong ng VIEVA Phil. nakapagrerekomenda sila kung gaano kaluwang at ang uri ng mga produkto na kanilang itatanim sa mga magsasaka at kooperatiba kung saan sila ay may impluwensa.

May kapasidad na rin ang VIEVA Phil. na magluwas ng mga lokal na produktong pang-agrikultura. Kamakailan ay nagluwas ang VIEVA ng sibuyas

na puti at Sibuyas Tagalog o Shallot sa ilang bansa na nag-aangat nito. Maging ang aromatic rice, brown rice at black rice ay iniluuwas na rin sa Indonesia, Malaysia, Singapore at sa mga bansa sa Gitnang Silangan. Pinag-aaralan din ng VIEVA Phil. ang pagpaparami ng mga lokal na produkto, gaya ng sili, paminta, luya na pawang may merkado sa ibang bansa.

Nagsasagawa din ang VIEVA Phil. ng aktibong pananaliksik kung paano matitinggal ang mga produkto at pag-iwas sa mga peste nito. Kung minsan mas marami pang alam ang mga magsasaka base sa kanilang karanasan. Halimbawa ay ang bawang. Naging karanasan na ni Leah na ang karaniwang peste sa pagtitinggal ng bawang ay ang bukbok. Sa payo ng ilang magsasakang malaki ang karanasan sa pagtitinggal ng bawang, napagalaman nila na kung hahaluan ng lagundi ang mga gilid na pagtitinggalan ng bawang at lalagyan ng carbon dioxide sa ilang kulong na lugar, maiwasan ang bukbok sa bawang.

Bukas din ang VIEVA Phil. sa mga pagsasanay at pagtuturo kung paano makapagtanim ng iba pang produkto na may halaga. Halimbawa ay sa kaso ng mga minoridad na Mangyan

ng Cambunang Bagong Sikat Farmers Association sa Bulalacao, Oriental Mindoro. Tinuruan ng VIEVA Phil. na nagtanim ng bawang at sibuyas ang mga magsasakang ito at ngayon ay napaataas nila ang halaga ng kanilang mga produktong pang-agrikultura.

Sa pagbabalik tanaw ni Leah kung paano siya nagsimula, nararamdaman niya ang kasiyahan na



Iba't ibang gulay at mga spices ang inilalagak ng mga magsasaka sa coordinating center sa Sta. Rosa, Nueva Ecija, upang ihanap ng mga lugar kung saan kapos o labis ang mga paninda. Malaking tulong ang ginagawa ng tamang koordinasyon ng mga paninda upang malaman kung gaano kalaki ang dapat na anihin at magbigay ng mga payo kung anong mga pananim ang kailangan at kung gaano karami upang hindi magkaroon ng kalabisan sa mga paninda overproduction.



Malaki ang pangangailangan ng sili sa ibang bansa. Maari gawing pulbos o pinatuyolang. Hinihimok ni Leah ang maraming magsasaka na magtanim ng sili upang matugunan ang export market.

maiangat ang antas ng kabuhatan ng maraming magsasaka sa pamamagitan ng impluwensa ng VIEVA Phil. na kanyang sinimulan. Sa naging malawak na impluwensa ng VIEVA Phil, Inc. maari na ngayong makipagkumpetensiya ang maraming magsasaka lalo na sa taong 2015 kung saan magkaroon ng libreng merkado at importasyon sa mga produktong pang-agrikultura mula sa ibang bansa.



Pag-aalaga ng Kalabasa

Ang squash, o kalabasa sa tagalog ay itinanim saan mang dako ng Pilipinas. Isa itong sikat na gulay sa bansa. Ang talbos, bulaklak at mga murang bunga ay ginagamit sa dinengdeng, bulanglang, o ginisang gulay na hinahaluhan ng karne, isda o hipon. Bukod sa pangunahing sangkap na gulay, nagagamit din ang kalabasa sa paggawa ng ketsap, pastillas, hopia, leche flan, pansit canton, arina sa paggawa ng tinapay, chips at curls. Napagkukunan ang kalabasa ng Bitamina A, C, B, B6 at B3, bukod sa mayaman ito sa mineral. Ang Beta-carotene na nakukuha sa kalabasa ay malakas na anti-oxidant, napababa ang bad cholesterol at nakababawas ng pamamaga sa anumang bahagi ng katawan. May potassium din ito at nakababawas sa pag-ihi ng calcium.

Lupa at panahon

Maaring itanim ang kalabasa kahit anong uri ng lupa. Ngunit upang maging maganda ang pamumungang nito, ipinapayong itanim ito sa mga lupang medyo buhaghag, medaling patuyuan ng tubig na ang pH ay sa pagitan ng 5.5 to 6.5. Kailangan ng kalabasa ang mainit na panahon lalo na kapag nagsisimula na itong mamunga. Ang temperaturang kailangan ng kalabasa ay mula 18 hanggang 30 C na antas ng init. Ipinapayong magtanim ng kalabasa mula Oktubre hanggang Disyembre sa kapatagang lupa, at mula Mayo hanggang Hulyo naman sa mga kataasang lupa.

Pagpipili ng barayti

Para sa magandang ani at pagkakakitaan, pumili ng mga barayti na angkop sa lugar ng pagtataman, hinahanap sa pamilihan at matibay sa mga peste at sakit. Marami na ring mga barayti ng kalabasa ang hybrid na malakas umani na produkto ng ilan sa mga kumpanya ng binhi na may kredibilidad. Subukang humanap ng binhi sa mga kumpanyang ito.

Paghahanda ng lupa

Araruhin at suyurin ang bukid ng tig-isang linggong pagitan upang mabulukan ang mga damo sa taniman. Pagkaraan ng huling pagsusuyod o pagpaparagos, gumawa ng mga tudling na ang pagitan ay ayon sa panahon. Sa tag-ulan, ang pagitan ay 3 metro. Sa tag-araw naman ay 2.5 metro ang pagitan. Gumawa ng mga kanal sa paligid

na pagtatapunan ng labis na tubig lalo sa tag-ulan.

Maari ding magtanim ng kalabasa ng zero tillage o walang pagbubungkal ng tatamnan. Bago magtanim, linisin ang lugar ng pagtataniman sa pamamagitan ng paggagamas ng mga damo o pag-iispray ng pamatay damo gaya ng gramoxone. Gumawa ng mga butas na may 10 cm. ang lalim na may pagitang 3m x 3 m. Pinuhin ang lupa kung saan itatanim ang mga buto. Ipinapayo rin na sa paghahanda ng mga tudling, maaring gumamit ng plastic mulch upang maiwasan ang pagtubo ng damo at pagkonserba sa halumigmig sa lupa.

Pagtatanim

Direct Seeding

• Magtanim ng isang pinatubong buto ng kalabasa bawat tundos sa layong 1 metro bawat tanim.

• Takpan ang buto ng pinong lupa

• Sa tag-ulan, itanim ang buto sa pinakataas na bahagi ng mga tudling upang maiwasang mabulok ang mga buto.

Pagpupunla at paglilipat tanim

• Ihanda ang pamumunlaang lupa na ang gamit ay isang bahagi ng compost, isang bahagi ay lupa at isang bahagi ay carbonized Rice Hull (CRH) Maari din gumamit nang mga nabibiling potting medium.

• Iilagay ang lupang medium sa plastic bags, potlets o seedling trays.

• Diligan muna ang pamunlaan bago itanim ang mga pinatubong buto ng isa bawat butas.

• Iilagay ang seedling tray o potlets sa malilim na lugar.

• Diligan ang mga punla tuwi-tuwina.

• Patibayin ang mga punla sa pamamagitan ng pagbabawas ng pagdidilig at paglalabas ng punlaan sa maaraw ng lugar.

• Itanim ang mga punla na isa-isa sa layong isang metro bawat tundos 15 araw pagkasibol ng punla o kapag may lumabas nang tunay na dahon.

• Maglipat tanim bandang hapon o kapag makulimlim ang panahon.

• Maghulip sa mga lugar na namatay ang tanim na punla kaagad.



Pag-aabono

Mahalaga na ipasuri muna ang tataniman ng kalabasa sa pinakamalapit na laboratoryo ng DA sa inyong lugar upang matiyak ang dami at uri ng abonong ilalagay sa lupa. Kung hindi naalisa ang lupa, sundin ang mga sumusunod:

• Sa kapatagang lupa, magsabog ng sampung bag na pinabulukang mga dumi ng hayop bawat isang ektarya at ihalong mabuti sa lupa sa huling paglililang. Sa kataasang lupa, maglagay ng 100 gramo ng organikong pataba na hinaluan ng 1 kutsarang Triple 14 sa bawat butas na nagawa bago magtanim o maglipat tanim.

• Mag sidedress ng isang kutsarang Urea bawat puno isang buwan makatanim o kapag ang baging ng kalabasa ay may isang metro na ang haba.

• Dalawang linggo pagkaraan ng unang sidedressing, maglagay ulit ng 10 gramo ng potash (0-0-60) at 10 gramo ng solophos (0-60-0)



bawat puno.

• Magdagdag pa ng Urea o potash tuwing 1 araw depende sa tayo at lusog ng tanim na kalabasa.

Pagpapatubig

Kailangan ng kalabasa ng tubig lalo na kapag nagsimula na itong mamunga. Sa malakihang taniman, padaanin ang tubig sa pagitan ng mga tudling. Kung maliitang taniman, maaring gumamit ng rigador o drip irrigation. Diligan ang bawat puno araw- araw kung walang ulan ng isang litrong tubig bawat puno. Lingguhan naman ang pagpapatubig sa malawakang taniman. Magpatubig agad kapag naglagay ng abono. Bawasan ang pagpapatubig kapag ang bunga na ay magulang at kulay luntian. Ang pagpapatubig sa mga panahong ito ay nakapagpapababa ng kalidad ng kalabasa.

Pagdadamo

Maggamas sa pagitan ng mga tanim na kalabasa 7 hanggang 14 na araw pagkatanim. Ulitin ang paggagamas kung kailangan.

Mga peste at sakit

Ang aphids at ang 28-spotted Lady Beetle ang pesteng kulisap ng kalabasa. Sa sakit naman, ang powdery mildew at mosaic virus ang pinakamalakas manalanta. Gumamit ng angkop na pestisidyo at fungicides kapag napansin ang pamiminsala ng pesteng kulisap o sakit sa mga tanim na kalabasa.

Hand Pollination

Sa panahon na kakaunti ang mga insektong nag-popollinate sa babae at lalaking bulaklak upang mabuo ang bunga, maaring gawin ang pollination sa pamamagitan ng pagsasalin ng lalaking bulaklak sa babaeng bulaklak ng magkasing-edad na halaman sa pagitan ng 6:00 hanggang 8:00 ng umaga.

Pagbabawas ng baging at bunga

Bawasan ang mga pahalang na baging malapit sa mga bunga. Alisin ang mga bunga na dispormadong bunga bago pa ito lumaki upang di na umagaw sa sustansiya sa lupa. Latagan ng 5-6 na sentimetro kapal ng giniikan, ipa o anumang materyales ang ilalim ng bunga upang hindi mabulok.

Pag-aani

Anihin ang mga murang bunga 30 hanggang 40 araw pagkaraan ng pollination. Putulin ang bunga ng isang matalim na kutsilyo kasama ang tangkay nito kung hindi agad maibebenta.

Kung pamiminhan naman ang kalabasa, hayaang gumulang ng husto ang mga bunga. Kapag napansin na ang bunga ay may tila pulbos at mamuti-muting bagay at pagtigas ng balat nito magulang na ang kalabasa at maaring gamiting binhi sa susunod na taniman, puwera lang kung mga hybrid na barayti ang ginamit.



GNN^{TV} 44
PAMPANGA

Region 3



Tuesday 10:30 AM to 11:00 AM
Thursday 9:30 PM to 10:00 PM



AGRI
Pinoy

*Bagong Sigla
sa Agrikultura*

DEPARTMENT OF AGRICULTURE RFO-III
RADIO PROGRAM

Twing Sabado 10-11:30 a.m.
San Fernando, Pampanga

RW 95.1^{FM}
Keni na Ka'

Online streaming: www.rw951.fm